

235

Zenjimarugaki Wine

禅

禅寺丸柿ワイン



Mabibili na ngayon sa mga tindahan ng alak sa Siyudad ng Kawasaki ang Zenjimar wine 2005. Sinasabing ang zenjimar persimon o kaki (prutas na maasim pag hilaw ngunit matamis at masarap kapag nahinog) ng lugar ng KAKIO ang pinakaluma at pinakamasarap na persimon sa buong Japan. Ito ay nadiskubre noong unang araw ng panahon ng Kamakura sa bandang Kakio. Ang lugar na KAKIO sa Kawasaki ay hango sa pangalan ng prutas na ito.

Sa loob ng labinlimang taon(15) tinatantyang may 2200 punong itinanim sa lugar na ito. Nag-umpisa namang i-preserba ang unang produkto ng Kaki Zenjimar Persimmon Conservation Society sampung taon na ang nakakaraan. Subalit ito ay ibinenta mula noong taong 1997. Ang bawat botelya nitong naglalaman ng 720 mililitro ay gawa sa isang kilong persimon at purong puting alak. Ang Kakio Zenjimar persimon ay alak na kung saan ito ay popyular sa mga kababaihan sa kadahilanang ito ay may katangian tulad ng masamyo at tamang-tama ang tamis at ang kabuuang lasa nito. Noong nakalipas na taon, may 2760 botelya ang kabuuan ng matagumpay na ani ng zenjimar persimon. Sa kaalaman ng mga ekispyertong manggagawa ng Yamanashi Katsunuma Brewery o gawaan ng serbesa at ito ay inilagay at ibinebenta sa etiketang may larawan ng persimon at may kulay na karton. Ang alak na ito ay 1300 yen bawat bote mabibili ito sa JA Keizai Center o sa mga tindahan ng alak sa Kanlurang Distrito ng Kawasaki. Para sa iba pang detalye, makipag-ugnayan sa JA sales Kawasaki sa Sangay ng Kakio 044-988-1131.

Museo ni Fujiko F. Fujio



236

「藤子・F・不二雄」建設について

May planong magtatatag ng isang museo pang eksibisyon upang I-display ang panghabangbuhay na likha ni Fujiko F. Fujio isang manunulat ng komiks kung saan siya ay nakilala sa kanyang akdang “DORAEMON” at “PAAMAN”. Siya ay pumanaw sa gulang na 62 noong taong 1996 kung saan siya ay nanatili at nanirahan sa Tama ward sa loob ng 40 taon. Noong 1999 ipinagkaloob ng pamilya ni Fujiko • F• Fujio ang mga gawaing orihinal at mga drowing nito sa Siyudad ng Kawasaki. Sa pagpupulong ng mga may kinalaman at ng Produksyong Fujiko pati na rin ang hangad mismo ng pamilya ng Fujiko, panukala nilang ipakilala ito at idisplay sa publiko sa lugar ng luntian at likas na kagandahan na walang iba kundi ang dating Mukogaoka-yuen Amusement Park sa Ryokuchi Green Area ng Tama ward kung saan ito rin ay malapit sa tirahan ni Fujiko Fujio. Inaasahang ito ay magbubukas sa loob ng 5 taon.

Ipinamamahala ang pagbuo ng museo sa karapatang-ari ng pribado at indibidwal na produksyon ng Fujiko. Samantalang ang lugar at ang gusali mismo ng museo at ng pang-araw-araw na pamamahala nito ay organisado ng Kawasaki. Ipapakita rin sa publiko ang mga kagamitan gamit ni Fujiko pati na rin ang mga piling katha na may 40,000ang bilang ng drowing na kanyang dinubuho. Ang museo ay pansamantalang pinangalanan ng “Fujiko F. Fujio Art Works”.

Ang planong ito ay isa sa mga layunin ng Siyudad upang makatawag-pansin sa mga mamamayan at pandaigdigang pag-apila. Magiging dagdag itong atraksyon kasama ang Museo ni G. Okamoto Taro.



Bagong buklet para sa pangangalaga ng bata at aso

237

幸区役所発行の冊子



Dalawang buklet ang inilabas ng Tanggapan ng Distrito ng Saiwai, Kawasaki.

Isa sa dalawang dokumentong ito ay nagsasaad ng mga pagpapayo tungkol sa paghahanda sa pre-schooling ng mga bata gayundin ang mga expecting mothers o mga buntis. Ang buklet ay may titulong [MIRU Kosodate Jyohou Saiwai]. Ito ay natutupi at sa unang pahina nito ay mga listahan ng mababang paaralan at ang likurang pahina nito ay mga paalagaan at mga larawan ng lugar kung saan maaaring maglaro ang mga batang hindi pa pumapasok sa paaralan. Ang mga Hoikuen at Kodomo Bunka Center ay mapag-aalaman din dito pati na rin ang mga lugar na may kinalaman sa pagpapalaki ng anak.

Ang mga leksyon, pagkain at mga ibento ay nakalarawan dito gayundin ang mga pamamaraan ng pagpasok sa nursery, mga planadong gawain ng labing apat na pampublikong paaralan ng elementarya ay matutunghayan. Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan sa General Support Officer (Sogo Shien Tanto) ng Saiwai ward office: 044-556-6693.

Ang buklet naman na tinaguriang “Sulat mula sa Aso” (WANKO KARA NO TEGAMI) ay isinaayos bago ilimbag kung saan ang kwento ay tungkol sa ipinadalang sulat ng aso na nagsasaad ng mga bagay kung papaano magiging malapit ang aso at ang pamilya o mga anak ng tagapag-alaga. Madaling pagpapaliwanag na magbibigay sa tagapangalaga ng pang-unawa at mga gimik para sa alagang aso. Halimbawa ay: bago mo hapusin ang balikat ng alagang aso, ay kinakailangang ipaamoy muna ang kamay o bandang palad. May mga ilustrasyon/larawang magbibigay ng ideya sa pagdisiplina at pagpapalaki ng alagang aso. Kasama rin dito ang pagtuturo sa alaga ng tamang pamamaraan ng pagdumi at paraan ng paglakad pag namasyal atbp. Nilalayon ng buklet na ito kung papaano mapapabuti ang pananaw ng mga tagapangalaga ng aso. Ito ay may laking A5 at labing apat na pahina. Ito ay libre at matatagpuan sa mga pampublikong institusyon ng Saiwai ward Mayroon din ito sa Homepage ng Siyudad.

Sa iba pang kaalaman, kumontak sa Health and Medical Section ng Saiwai ward:044-566-6681.



May problema ka? Tawag na o magsadya sa:

Asosasyong Pandaigdigang ng Kawasaki



Silid—Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ **Konsultasyon sa iba't-ibang Wika**

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Kastila: Martes at Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ **Oras ng Konsultasyon**

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdigang ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/